Del Rosario Christian Institute

Aralin 16

# Mahalaga Ang Aking Paaralan




Ang paaralan bilang pangalawang tahanan ay mahalaga para sa mga batang mag-aaral. Malaki ang papel na ginagampanan ng paaralan sa pagtupad ng bawat mag-aaral sa kanilang minimithi sa buhay.

#DRCilearn

Del Rosario Christian Institute

## Sa Isip Natin

# Ang Batang Ayaw Pumasok



Ito si Lito, ang batang ayaw pumasok.


Ang gusto ni Lito ay maglaro nang maglaro sa buong maghapon.



Halos hindi na siya makakain sa kalalaro.

Ayaw niyang pumasok sa paaralan kahit anong pilit ng kanyang nanay at tatay.

Mas gusto niya ang maglaro. Ayaw niya sa paaralan.




Nag-isip ang Nanay kung ano ang dapat niyang gawin upang pumasok sa paaralan si Lito.

Isang araw, isinama siya ng kanyang Nanay sa paaralan. Inilibot ni Nanay si Lito sa loob ng paaralan.

Sa kanilang paglilibot sa loob ng paaralan, ito ang kaniyang mga nakita.

May naglalaro, may gurong nagtuturo, mga batang nag-aaral, may palabas sa entablado, may nagbabasa sa aklatan at marami pang iba.




"Masaya pala sa paaralan," ang sabi ni Lito.

Gusto na niyang pumasok sa paaralan. Gusto na niyang matutuo.

Sa kanilang pag-uwi, may nakasalubong silang mga batang namamalimos sa kalsada at mga batang nagtitinda ng sampagita.



"Ganyan din po ba ang mangyayari sa akin kung hindi po ako mag-aaral?" tanong ni Lito.

"Oo, anak. Ang edukasyon ang siyang tanging yaman na maari naming ipamana sa iyo," paliwanag ng Nanay.

Simula noon, nagbago ang isip ni Lito. Gusto na niyang pumasok sa paaralan. Nagpabili ng mga kagamitan si Lito at papasok na siya sa paaralan.



## Sa Gawa

A. Sagutin ang tanung sa iyong kwaderno.

1. Sino ang batang ayaw pumasok sa paaralan?

2. Bakit ayaw niyang pumasok sa paaralan?

3. Ano ang ginawa ni Nanay upang pumasok si Lito sa paaralan?

4. Ano ang mga nakita ni Lito sa paaralan at sa kalye? Nakatulong ba ito upang siya ay pumasok?

5. Sa iyong palagay, bakit mahalaga ang paaralan?


B. Sagutin sa iyong kwaderno. Iguhit ang tsek ( / ) kung ito ay nagpapakita ng maaaring mangyari sa taon nakapag-aral at ekis ( x ) kung hindi.

1.


2.


3.


4.


5.


6.


C. Sa isang puting papel, iguhit ang larawan na nagpapakita ng kahalagahan ng paaralan at sumulat ng isang pangungusap tungkol sa iyong iginuhit.

Para sa Sarili

## Para sa mga Batang Mag-aaral

## Sa Puso

- Mahalaga ang paaralan sa pagtupad ng pangarap ng mga mag-aaral.
- Malaki ang papel na ginagampanan ng paaralan sa paghubog ng kagandahang asal at kakayahan ng mga mag-aaral.
- Ang mga batang nag-aaral sa paaralan ay malaki ang pag-asang mapaunlad ang sariling buhay.